



Mga Madalas Itanong: Kinakailangan para sa Pagsusuri para sa SARS-CoV-2 (COVID-19) sa Lahat ng Pumanaw na Indibidwal sa Lungsod at County ng San Francisco

NA-UPDATE NOONG Hunyo 27, 2020

BACKGROUND: Simula Hunyo 26, 2020, inatasan na ng [Health Officer Order No. C19-14 \(Utos ng Opisyal sa Kalusugan Blg. C19-14\)](#) na suriin ang lahat ng tao sa Lungsod at County ng San Francisco na pumanaw kamakailan para sa pagkakaroon ng SARS-CoV-2 (ang virus na nagdudulot ng COVID-19) bago dalhin ang katawan sa huling hantungan.

AUDIENCE: Mga propesyonal at negosyo ng mga serbisyong nauugnay sa pagpapalibing, kasama ang mga punerarya, morgue, crematorium, at sementeryo sa Lungsod at County ng San Francisco. Nalalapat din ang Utos na ito sa mga taong nagbibiyahe ng mga labi ng tao sa Lungsod o mula sa Lungsod papunta sa labas ng lungsod.

Mga Madalas Itanong

Bakit inilabas ang Utos na ito?

- Para maprotektahan ang mga taong nagtatrabaho sa mga serbisyong nauugnay sa pagpapalibing.
- Para matukoy ang mga napalampas na kaso ng COVID-19, pati ang mga taong walang sintomas, para sa contact tracing.
- Para maunawaan kung sino ang may pinakamalaking posibilidad ng pagkamatay dahil sa COVID-19.
- Para mabigyan ang publiko ng impormasyon tungkol sa epidemya ng COVID-19.

Ano ang iniaatas sa akin ng bagong Utos sa kalusugan?

Inatasan ka ng Utos na ito na kumpirmahing nasuri para sa COVID-19 ang lahat ng taong pumanaw sa San Francisco. Matutugunan mo ang kinakailangang ito sa ilang paraan:

- Kumuha ng impormasyong nagsagawa ng pagsusuri para sa COVID-19 mula sa ospital para sa pangkalahatang pangangalaga ng malalang sakit o pasilidad ng sanay na pag-aalaga (Skilled Nursing Facility, SNF) kung saan nangyari ang pagkamatay, o mula sa tanggapan ng Medikal na Tagasuri bago ibiyahe ang katawan. Tandaan kung sino ang nagkumpirmang nagsagawa ng pagsusuri. Iwanan ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan para matanggap mo ang mga resulta ng pagsusuri kahit hindi pa natutukoy ang mga ito. Nakakatugon ang alinman sa mga sumusunod na sitwasyon sa kinakailangan para sa pagsusuri para sa COVID-19:
 - Nagpositibo ang pasyente sa COVID-19 bago siya pumanaw (“antemortem na pagsusuri”). Ang positibong pagsusuri ay posibleng hanggang 14 na araw bago ang pagkamatay sa lahat ng kaso, o anumang oras bago ang pagkamatay kung nauugnay ang pagkamatay sa COVID-19.
 - Nagnegatibo ang pasyente sa COVID-19 AT isinagawa ang pagsusuri 72 oras bago siya pumanaw.



- Nag-atas ng postmortem na pagsusuri, na responsibilidad ng ospital para sa pangkalahatang pangangalaga ng malalang sakit o SNF kung saan nangyari ang pagkamatay, o ng tanggapan ng Medikal na Tagasuri para sa mga kaso ng Medikal na Tagasuri.
- Kung ang pagkamatay ay nangyari sa lugar na iba pa sa ospital para sa pangkalahatang pangangalaga ng malalang sakit o SNF (hal., pangmatagalang pangangalaga o iba pang pasilidad para sa congregate-living, hospisyong tirahan ng pumanaw na indibidwal, o iba pang residensyal na lugar) o hindi isang kaso ng Medikal na Tagasuri, responsibilidad ng serbisyong nauugnay sa pagpapalibing na kumpirmahin ang pagsusuri para sa COVID-19 alinsunod sa mga alituntunin sa itaas o na isaayos ang postmortem na pagsusuri bago ihanda ang katawan para sa huling hantungan nito. May tatlong opsyon sa libreng pagsusuri para sa COVID-19 sa pamamagitan ng Unit para sa Pagsusuri ng Mga Pumanaw na Indibidwal (Decedent Testing Unit, DTU) ng Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (San Francisco Department of Public Health, SFDPH) na puwedeng isaayos sa pamamagitan ng pagtawag sa 415-487-5046:
 - Opsyon A (available lang mula 7 a.m. hanggang 9 p.m.): Makipag-ugnayan sa DTU at sila ang pupunta sa lugar ng pagkamatay, mangongolekta sa specimen, at mag-aatas sa pagsusuri. Idokumentong iniatas ang pagsusuri at nakolekta ang specimen. Pagkatapos noon, maibibiyahe mo na ang mga labi.
 - Opsyon B (available lang mula 7 a.m. hanggang 9 p.m.): Ikaw ang mangongolekta sa mga labi at hihilingin mong pumunta ang DTU sa iyong lugar ng negosyo bago ang paghahatid sa huling hantungan. Hindi ka puwedeng magsagawa ng anumang pagsusuri sa paghahanda ng katawan para sa huling hantungan nito na makakaabala sa proseso ng pagsusuri hangga't hindi nakokolekta ng DTU ang specimen at hangga't hindi nito naiaatas ang pagsusuri. Idokumentong iniatas ang pagsusuri at nakolekta ang specimen. Magtanong sa DTU kung may hindi ka nauunawaan.
 - Opsyon C (available lang mula 9:01 p.m. hanggang 6:59 a.m.): Ikaw ang mangongolekta sa mga labi at dadalhin mo ito sa lokasyon ng DTU para sa pangongolekta ng specimen. Tumawag muna para sa address at mga tagubilin. Idokumentong iniatas ang pagsusuri at nakolekta ang specimen.
- Kapag ibiniyahe ang katawan sa labas ng Lungsod at County ng San Francisco, dapat kang makipagtulungan sa DTU para matiyak na maisasagawa ang pagsusuri bago ihanda ang katawan para sa huling hantungan nito. Tumawag sa DTU para sa mga tagubilin (415-487-5046).

Ano ang mga panuntunan kaugnay ng privacy at pagiging kumpidensyal ng dokumentasyon ng pagsusuri?

Binago ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ang mga iniaatas ng (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) alinsunod sa emergency na dulot ng COVID-19. Puwedeng ibahagi ng mga entity na sinasaklaw ng HIPAA at ng kanilang mga associate sa negosyo ang impormasyon ng pasyente kung kinakailangan sa kanilang trabaho na nauugnay sa COVID-19. Nalalapat ang mga panuntunan sa privacy at pagiging kumpidensyal, gaya ng pangongolekta sa impormasyon lang na kinakailangan, paglimita ng access sa impormasyon sa pinakamababang bilang ng mga tao na kinakailangan (mga dapat lang makaalam), pag-store sa impormasyon sa ligtas na lokasyon, at pagpapanatili sa impormasyon sa pinakamaikling tagal ng panahon na kinakailangan. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang: www.hhs.gov/sites/default/files/february-2020-hipaa-and-novel-coronavirus.pdf. Para sa mga layunin ng Utos na ito, kailangan mong idokumento kung paano mo nakumpirmang nangyari ang pagsusuri. Ang



iba pang impormasyon, gaya ng positibong resulta sa pagsusuri, ay dapat panatilihin lubos na kumpidensyal at hindi ibahagi sa mga taong hindi dapat makaalam nito. Hindi dapat panatilihin ang impormasyon tungkol sa mga pagsusuri nang mas matagal kaysa sa kinakailangan.

Gaano katagal ang pagsusuri?

Umaasa kaming matutugunan ng DTU ang mga kahilingang pumunta sa lugar ng pagkamatay o lugar ng negosyo sa loob ng isang oras, at na mabilis lang ang magiging paghihintay sa lokasyon ng DTU. Inaabot ang pangongolekta ng specimen ng humigit-kumulang 5 hanggang 15 minuto.

Gaano katagal bago makuha ang mga resulta ng pagsusuri?

Itatawag o ifa-fax ang mga resulta sa nag-aatas na provider (ibig sabihin, Medikal na Tagasuri, ospital, SNF, DTU) sa loob ng 24 hanggang 48 oras. Gayunpaman, puwede itong matagalan sa mga panahon kung kailan maraming sinusuri. Aabisuhan ang mga pamilya tungkol sa anumang positibong resulta sa loob ng 2-3 araw ng trabaho matapos makolekta ang specimen. Hindi aabisuhan ang mga pamilya tungkol sa mga negatibong resulta ng pagsusuri.

Paano kung magpositibo sa COVID-19 ang isang pumanaw na indibidwal?

Kung magpopositibo sa COVID-19 ang pagsusuri, aabisuhan ng DTU ang pasilidad na nag-aatas sa pagsusuri at ang pamilya o kamag-anak. Magsisimula ang SFDPH ng contact tracing para matukoy ang mga taong malapitang nakaugnayan ng pumanaw na indibidwal. Makakakita ng higit pang impormasyon tungkol sa contact tracing, pag-isolate, at pag-quarantine sa mga link sa dulo ng dokumentong ito.

Puwede bang tanggihan ng pamilya, kamag-anak, o kinatawan ng estado ang pagsusuri?

Hindi. Mandatory ang pagsusuri. May available na flyer na nagbibigay ng impormasyon sa mga pamilya sa ilang wika, na mada-download sa www.sfcddcp.org/covidtest.

Sino ang magbabayad sa pagsusuri at anumang gastusing nauugnay sa pagkuha sa pagsusuri?

Ang Lungsod at County ng San Francisco ang sasagot sa mga gastusing nauugnay sa gagawin ng DTU. Hindi kasama rito ang mga gastusin sa transportasyon papunta sa lokasyon ng DTU kung Opsyon C ang pipiliin mo. Libre ang parking. Kung ayaw mong magbayad ng gastusin sa transportasyon papunta sa DTU, puwede mong hilinging pumunta ang field unit ng DTU sa pasilidad kung saan pumanaw ang pasyente (Opsyon A) o sa iyong lugar ng negosyo (Opsyon B). Ipinagbabawal ng Utos ang anumang pagsubok na ipasagot sa pamilya, kamag-anak, o estado ang nasabing pagsusuri.

Nasaan ang Unit para sa Pagsusuri ng Mga Pumanaw na Indibidwal? Ano ang mga oras ng operasyon?

**Departamento ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco
Unit para sa Pagsusuri ng Mga Pumanaw na Indibidwal (DTU)**

- Numero ng telepono: 415-487-5046
- Available 24 na oras, 7 araw sa isang linggo; Nagsasagawa ng pagsusuri sa field mula 7am hanggang 9pm
- Para sa mga arrangement pagkatapos ng mga oras na bukas, tumawag sa: 415-487-5046



Mga Karagdagang Mapagkukunan

Dapat manatiling updated ang mga serbisyong nauugnay sa pagpapalibing sa pamamagitan ng regular na pagtingin sa website ng SFDPH sa www.sfdph.org/healthorders.

- Available ang mga madalas itanong tungkol sa mandatoryong postmortem na pagsusuri para sa mga pamilya, kamag-anak, at kinatawan ng estado sa ilang wika sa www.sfcddp.org/covidtest.
- Gabay para sa mga punerarya at pamilya tungkol sa ligtas na paghahanda para sa libing at pagkuha ng mga sampol para sa pagsusuri para sa COVID-19: <https://sf.gov/information/guidance-funeral-homes-and-families>
- Impormasyon tungkol sa pag-isolate at pag-quarantine: <http://www.sfcddp.org/i&q>

Mula sa Departamento ng Pampublikong Kalusugan ng California:

- [Pag-iwas sa Impeksyon para sa Mga Establisyimento para sa Pagpapalibing na Nangangasiwa ng Mga Kaso ng Mga Pumanaw na Indibidwal Dahil sa COVID-19](#)
- [Gabay \(AFL-20-24\) para sa Mga Procedure at Paglilipat ng Mga Pumanaw na Indibidwal na Kumpirmado o Pinaghihinalaang May Coronavirus Disease 2019 \(COVID-19\)](#)

Mula sa Pangasiwaan ng Kalusugan at Kaligtasan sa Trabaho (Occupational Health and Safety Administration, OSHA)/Departamento ng Paggawa: [Guidance for Postmortem Care Workers and Employers \(Gabay para sa Mga Postmortem Care Worker at Employer\)](#)